



Tiyaking kikilalanin, isusulong, at pangangalagaan ang lahat ng karapatang sibil, politikal, panlipunan, at pangkabuhayan ng kababaihang nasa marginalized sector sa ilalim ng umiiral na mga batas kabilang, bagama't hindi limitado sa, Indigenous Peoples Rights Act, Urban Development and Housing Act, Comprehensive Agrarian Reform Law, Fisheries Code, Labor Code, Migrant Workers Act, Solo Parents Welfare Act, at Social Reform and Poverty Alleviation Act. (*Chapter V*)



Magkaloob sa kababaihang dumaranas ng mahirap na sitwasyon (mga biktima at nakaligtas sa pang-aabusong seksuwal at pisikal, illegal recruitment, prostitusyon, trafficking, armadong labanan, nakakulong na kababaihan, at iba pang katulad na sitwasyon) ng mga serbisyo at interbensiyon kung kinakailangan, ngunit hindi limitado sa, temporary and protective custody, serbisyong medikal at dental, ebalwasyong sikolohikal, pagpapayo, psychiatric evaluation, serbisyong legal, pagtatamo ng kakayahan para sa produktibong kasanayan, tulong pangkabuhayan, pagkaloob ng trabaho, tulong pinansiyal at tulong para sa transportasyon.



Protektahan ang kababaihang senior citizen laban / mula sa pagpapabaya, pag-abandona, karahasan sa tahanan, pang-aabuso, pagsasamantala, at diskriminasyon.

UPANG PROTEKTAHAN ANG KABABAIHAN MULA / LABAN SA LAHAT NG URI NG KARAHASAN, IPINATUTUPAD NG BATAS NA ITO ANG SUMUSUNOD NA HAKBANG:

- Pagdaragdag ng bilang ng kababaihan sa pagtanggap at pagsasanay sa puwersa ng pulisya, forensics at medico-legal, serbisyong legal, at social work services, sa loob ng susunod na limang (5) taon mula sa pagkakabisa ng batas na ito.
- Ang karapatan sa proteksiyon at seguridad ng mga sibilyan mula sa lahat ng uri ng gender-based violence, partikular ang panggagahasa at iba pang uri ng abusong seksuwal, at sa lahat ng uri ng karahasan sa gitna ng armadong labanan at militarisasyon.
- Sapilitang pagsasanay tungkol sa karapatang pantao at gender sensitivity ng lahat ng manggagawa sa gobyerno na may kinalaman sa proteksiyon at pagtatanggol ng kababaihan laban sa gender-based violence.
- Pagtatatag ng **Violence Against Women's Desk** sa bawat barangay.

Kung ikaw ay biktima ng gender-based violence (karahasan laban sa kasarian), humingi agad ng tulong sa Violence Against Women's Desk (VAWD) sa inyong barangay o lokal na himpilan ng pulisya.



Gender & Development

Magna Carta ng Kababaihan (Batas Republika Blg. 9710)



MAGNA CARTA NG KABABAIHAN

Ito ay isang komprehensibong batas para sa karapatan ng kababaihan na naglalayong alisin / tanggalin ang diskriminasyon laban sa kababaihan sa pamamagitan ng pagkilala, pangangalaga, pagpapatupad, at pagsusulong sa mga karapatan ng kababaihan at mga batang babae, lalo na ang mga laylayang sektor.

SA ILALIM NG MAGNA CARTA NG KABABAIHAN, ANG ESTADO AY DAPAT NA:



Isulong ang pagbibigay-kapangyarihan sa kababaihan, itaguyod ang pantay na oportunidad para sa kababaihan at kalalakihan, at tiyaking patas ang akses sa resorses at sa mga bunga at pakinabang ng kaunlaran.



Pagsikapang bumuo ng mga plano, polisiya, programa, hakbang, at paraan upang matugunan ang diskriminasyon at di pagkakapantay-pantay sa pangkabuhayan, pampolitika, panlipunan at pangkulturang pamumuhay ng kababaihan at kalalakihan.



Kilalanin, igalang, ipagtanggol, tuparin at itaguyod ang lahat ng karapatang pantao at batayang kalayaan ng kababaihan lalo na ng mga nasa marginalized sector sa pangkabuhayan, panlipunan, pampolitika, pangkultura at iba pang larang, nang walang pagtatangi sa uri, edad, kasarian, wika, etnisidad, relihiyon, ideolohiya, kapansanan, edukasyon, at estado sa buhay.



Magkaloob ng mga kinakailangang mekanismo upang maipatupad ang mga karapatan ng kababaihan at isagawa ang lahat ng legal na hakbang upang magbunsod at magsulong ng pantay na oportunidad para sa kababaihan; at magkaloob ng mga oportunidad upang mapaunlad ang kanilang mga kasanayan, magkaroon ng produktibong hanapbuhay.



Muling pagtibayin ang karapatan ng kababaihan sa lahat ng sektor upang makilahok sa lahat ng programa, proyekto, at serbisyo.



Protektahan ang kababaihan sa panahon ng sakunâ, kalamidad, at iba pang mga krisis higit lalo sa lahat ng yugto ng pagtulong, pagbangon, rehabilitasyon, konstruksiyon kasama na ang proteksiyon mula sa seksuwal na pagsasamantala at iba pang karahasang seksuwal at gender-based. (Sec. 10)



Magtatag ng matibay na mga mekanismo para mapabilis ang paglahok at pagkamtan ng kababaihan lalo na sa paggawa ng mga desisyon at mga proseso ng pagbuo ng mga polisiya sa pamahalaan at mga pribadong entidad. (Sec. 11)



Gumawa ng mga hakbang upang suriin muli, susugan at/o ipawalang-bisâ ang mga umiiral na mga batas na di-patas sa mga kababaihan, sa loob ng tatlong (3) taon mula nang magkabisâ ang batas na ito. (Sec. 12)



Tiyakin ang pantay na pagkakataon/akses at pagtanggap ng diskriminasyon sa edukasyon, scholarship, at pagsasanay; tiyaking ang gender stereotypes at imahen sa mga babasahing pang-edukasyon at sa mga kurikulum ay nabago nang angkop at sapat. Dapat gamitin sa lahat ng pagkakataon ang mga salitang gender-sensitive. (Sec. 13)



Bumuo, magtatag, at palakasin ang mga programa para sa paglahok ng kababaihan at mga batang babae sa mga palaro at paligsahan. (Sec. 14)



Magsulong ng angkop na mga hakbang upang mawala ang diskriminasyon sa kababaihan sa sandatahang lakas, pulisya at iba pang katulad na serbisyo; at iukol sa kababaihan ang parehong pagkakataon at pribilehiyo nang sa kalalakihan kasama na ang pagtataas ng sahod, dagdag-benepisyo, mga parangal batay sa kanilang kakayahan at kalidad ng trabaho / pagganap gayundin ang pagkakaroon ng leave benefits. (Sec. 15)



Tiyakin na ang mga pangangailangan, mga isyu tungkol sa kababaihan ay inilalarawan sa media at mga pelikula nang walang diskriminasyon at di mapanirang-puri at itaas ang kamalayan ng publiko sa pagkilala sa dignidad ng kababaihan at kanilang papel at ambag sa pamilya, pamayanan, at lipunan sa pamamagitan ng estratehikong paggamit ng mass media. (Sec. 16)



Maglaan ng isang komprehensibong serbisyong pangkalusugan na gender-responsive, culture-sensitive at may pagsasaalang-alang sa mga relihiyong pinaniniwalaan, na sumasaklaw sa lahat ng yugto ng buhay ng isang babae at tumutugon sa mga pangunahing dahilan ng pagkakasakit at pagkamatay ng kababaihan. (Sec. 17)



Ang isang babaeng empleado na tuloy-tuloy na nakapagtrabaho ng di bababa sa anim (6) na buwan sa nakalipas na 12 buwan ay may karapatan sa isang special leave benefit na dalawang (2) buwan na may buong bayad batay sa kaniyang buwanang kabuuang kita matapos ang isang operasyon dulot ng gynecological disorders. (Sec. 18)

PERSONAL RIGHTS

Tiyakin ang pantay na karapatan patungkol sa lahat ng bagay na may kinalaman sa pag-aasawa at relasyong pampamilya tulad ng parehong karapatang magpakasal at makipaghiwalay sa asawa, malayang pumili ng mapapangasawa, magdesisyon sa dami at agwat ng edad ng mga anak, tamasahin ang mga personal na karapatan kabilang na ang pagpili ng propesyon, pagmamay-ari, pagbili at pangangasiwa ng kanilang ari-arian, at makakuha, magpalit o magpanatili ng kanilang pagkamamamayan. (Sec. 19)